〈NOBI-NOBI MEDICAL CHECK-UP〉 (ESPESYAL NA MEDICAL CHECK-UP)

AT 〈NATIONAL HEALTH INSURANCE NINGEN DOKKU〉

Para sa mga naninirahan sa siyudad ng Saitama at mayroon National Health Insurance mula edad 40 hanggang 74 ay maaring tumanggap ng 〈Espesyal na Medical Check-up〉 o kaya 〈National Health Insurance Ningen Dokku〉. Ang napiling Doktor ng siyudad ng Saitama ay susuriin ang iyong pisikal na kondisyon. Isang beses sa isang taon lamang.

Bawat taon, katapusan ng Abril ay magpapadala ang siyudad ng Saitama sa iyong tirahan ng 〈Ticket para sa Espesyal na Medical Check-up〉 ito ay nakalagay sa loob ng envelope. Sa mga mayroon National Health Insurance, mula sa pagitan ng Abril hanggang Enero ay makakatangap ng nasabing ticket sa sunod na buwan. Para sa mga hindi nakatangap o kaya naiwala ang nasabing ticket maari lamang magtanong sa City Hall Insurance and Pension Department.

Ang pagkuha ng Medical Check-up ay isang beses lamang mula taon 2022, Abril 27th hanggang taon 2023, Marso 11th. Mangyaring kumuha ng Medical Check-up!

◎Paraan

Maari lamang kumuha muna ng reserbasyon sa hospital (Napiling Doktor ng siyudad ng Saitama) sa pagkuha ng Medical Check-up.

Kasama ipinadala ang 〈Ticket para sa Espesyal na Medical Check-up〉 at 〈Listaan ng hospital〉 na maaring puntahan. Maaring tingnan ang 〈home page ng siyudad ng Saitama〉 (wikang Hapon).
(https://www.city.saitama.jp/001/002/006/p008582.html). O kaya maaring magtanong sa City Hall Insurance and Pension Department.

◎Nobi-Nobi Medical Check-up　(Espesyal na Medical Check-up)

①Mga bagay na dapat dalhin

Ticket para sa Espesyal na Medical Check-up,

National Health Insurance Card

②Pagbabayad

0 yen

③Pagsusuri

Pagtatanong mula sa Doktor, Pagsukat ng timbang at laki, Pagsusuri ng blood pressure, Pagsusuri ng blood lipids, Pagsusuri sa atay, Pagsusuri ng blood sugar, Pagsusuri sa ihi, Pagsusuri sa bato, Elektrokardyogram, Pagsusuri ng anemia

★Para sa mga taong kailangan : Pagsusuri sa mata(Fundus test)

◎National Health Insurance Ningen dokku

①Mga bagay na dapat dalhin

Ticket para sa Espesyal na Medical Check-up, National Health Insurance Card, Ticket para sa National Health Insurance Ningen Dokku

※Kumuha ng 〈Ticket para sa National Health Insurance Ningen Dokku〉 (Halagang 11,000yen na ticket) sa City Hall Insurance and Pension Department. Mabibigyan lamang ang mga taong nagbabayad ng National Health Insurance Tax. Ang Panahon ay mula sa pagkuha ng reserbasyon sa hospital bago kumuha ng 〈National Health Insurance Ningen Dokku〉. Dalhin ang 〈Ticket para sa Espesyal na Medical Check-up〉at〈National Health Insurance Card〉.

②Pagbabayad

44,462yen

Kapag mayroon at dala mo ang iyong 〈Ticket para sa National Health Insurance Ningen Dokku〉, 33,462 ang maging kabayaran. Kapag hindi kukuha ng pagsuri sa mata (Fundus test), 1,232 yen mas mura.

※Kung nais kumuha ng iba pang pagsusuri, subalit ito ay hindi kasama sa National Health Insurance Ningen Dokku, ang kabayaran nito ay hiwalay.

③Pagsusuri

Maliban sa Nobi-Nobi Medical Check-up, Pagsusuri ng pancreas, Serological test, Respiratory test, Digestive test, at iba pa.

※Kapag tumanggap ka ng National Health Insurance Ningen Dokku, hindi maaring tumanggap ng kanser checkup siyudad ng Saitama (Sikmura Kanser, Baga Kanser, Bituka Kanser).

◎Depende sa resulta ng Nobi-Nobi Medical Check-up o National Health Insurance Ningen Dokku, mayroon pagkakataon na kumuha ng gabay sa kalusugan. Sasabihan ka ng Doktor kapag ito ay kailangan.